ISSN 2672-2879

# CaraBalitaan

Opisyal na tagapamansag ng Philippine Carabao Center para sa National at Regional Impact Zones
Science City of Muñoz, Nueva Ecija | Tomo 3 Blg. 4 | Hulyo-Agosto 2021

www.pcc.gov.ph
Department of Agriculture-Philippine Carabao Center
pccoed2021@gmail.com



Whey mula sa keso, ginawang bagong inumin ng DA-PCC 3



Caravan para sa pinagbuting pagkakalabawan 7

# 2 Dairy Box outlets, binuksan sa Rehiyon III, XII

Ni **Chrissalyn Marcelo**

**DA-PCC sa CLSU at DA-PCC sa USM—***Dalawang Dairy Box outlets na naman ang binuksan ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center (DA-PCC) sa bayan ng Victoria, Tarlac at President Roxas, Cotabato nitong Agosto 3 at 5.*

Sundan sa p.4




Larawang kuha ni Chrissalyn Marcelo

*Ang mga miyembro at opisyales ng Sta. Catalina Multi Purpose Cooperative kasama ang DA-Philippine Carabao Center (DA-PCC) at ilang pangunahing opisyales sa lokal na pamahalaan ng President Roxas, Cotabato habang masayang ipinakikita ang naitatag na Dairy Box sa kanilang lugar nitong Agosto 5.*

# Pag-usbong ng proyektong ALAB-Karbawan sa Rehiyon II

Ni **Ma. Cecilia Irang**

***DA-PCC sa CSU —*** *Ipinatutupad na ang kauna-unahang proyekto ng ALAB-Karbawan sa Rehiyon II matapos magpamahagi ang DA-PCC ng 50 mestisang gatasang kalabaw sa Saint Vincent Parish Multi-Purpose Cooperative (SVPMPC) sa Dupax Del Sur, Nueva Vizcaya noong Agosto 6.*

Ang nasabing aktibidad ay bahagi ng proyektong Carabao-based Business Improvement Network (CBIN) ng DA-PCC, na pinatanyag sa tawag na Accelerating Livelihood Assets Buildup (ALAB)-Karbawan. Ito ay pinondohan ng Office of the Senate Committee on Agriculture, Food, and Agrarian Reform Chairperson Senator Cynthia Villar at naglalayong makapagbigay ng dagdag

Sundan sa p.2

# Mga ahensya sumuporta sa magkakalabaw

Ni **Paulyn Grace Saturno**

**DA-PCC NHQGP—** *Nilagdaan ang Memorandum of Agreement para sa Village-Level Farm-Focused Enterprise Development (VLFED) na magpapasimula ng Dairy Processing Facility ng Bongabon Dairy Cooperative (BDC) sa Brgy. Pesa, Bongabon, Nueva Ecija nitong Hulyo 14.*

Tinulungan ng DA-PCC ang BDC sa pagpaparami ng gatasang kalabaw at patuloy na umaasiste sa aspetong teknikal para sa pag-aalaga sa mga ito.

Sa kasalukuyan, nasa mahigit 60 kalabaw na ang naibahagi ng ahensya sa nasabing kooperatiba.

Nagkaloob naman ang DAR-Nueva Ecija Provincial Office, sa pamumuno ni Provincial Agrarian Reform Program Officer II Eden Ponio, ng halagang PHP300,000 bilang puhunan sa kakailanganing kasangkapan sa itatayong pasilidad.

Susuporta ang Department of Science and Technology, sa pamamahala ni Regional Director RFO 3 Dr. Julius Caesar Sicat, sa pagpoproseso ng mga dokumento para makakuha ng License to Operate (LTO) ang kooperatiba gayundin

Sundan sa p.7

# Pagsasanay sa paggawa ng Milkybun, patuloy hanggang Mindanao

Ni **Dorie Bastatas**

***DA-PCC sa MLPC*** *— Patuloy ang pagsasagawa ng virtual na pagsasanay sa pagkatuto sa paggawa ng Milkybun sa Mindanao sa pangangasiwa ng Product Development and Innovation Section (PDIS) at Knowledge Management Division-Learning Events Coordination Section (KMD-LECS) ng DA-Philippine Carabao Center (PCC).*

Ang nasabing pagsasanay ay naglalayong matugunan ang mga pangangailangan ng mga kooperatiba na magkaroon ng kaalaman at kasanayan tungkol sa produksyon ng Milkybun.

Tinalakay sa nasabing pagsasanay ang (1) Technology Transfer Agreement o Non-Disclosure Agreement, (2) Good manufacturing practices at hygiene and sanitation, (3) FDA licensing procedures, (4) Basic breadmaking, (5) Milkybun production, at (5) Quality and monitoring forms on Milkybun production.

Ang Milkybun ay isang pinahusay na bersyon ng nutribun, isang masustansyang tinapay na unang ginamit sa mga programa sa pagpapakain para sa mga bata sa elementarya noong 1970s. Ito ay binuo ng DA-PCC sa pamamagitan ng Research and Development Division (RDD). Ang Milkybun ay gawa sa gatas ng kalabaw na tumutulong sa pagtugon sa malnutrisyon at pagpapalakas ng immune system. Ang nutritive value ng bawa't bun ay katumbas ng isang basong gatas.

Kasama ng Milkybun ang isang pakete ng pasteurized carabao's milk na ipinamimigay sa School-based Feeding Program (SBFP) at Supplementary Feeding Program (SFP) na ipinatutupad ng Department of Education (DepEd) at Department of Social Welfare and Development (DSWD) katuwang ang DA-PCC.

Isinagawa ang pagsasanay noong Hunyo 22 at 23 para sa coverage areas ng DA-PCC sa Mindanao. Ang dalawang araw na pagsasanay ay magkasunod na talakayan, video presentation, on-site virtual tour at aktwal na pagpoproseso at pagsusuri ng mga natapos na produkto na pinangasiwaan ng PDIS sa pamumuno ni Mina Abella, supervising science research specialist.

"Ang mahahalagang impormasyon sa mga lectures at hands-on ay pagpapakita sa kung paano ilapat ang mga pamamaraan sa paggawa ng Milkybun. Malaking tulong ang pagsasanay na ito upang maihanda ang aming kooperatiba na yakapin ang feeding program ng DepEd," pahayag ni Fe Emelda Academia, supervising science research specialist at Carabao-based Enterprise Development coordinator ng DA-PCC sa Mindanao Livestock Production Center (DA-PCC sa MLPC).

Dinaluhan ng mga miyembro ng Baclay Multi-Purpose Cooperative (BMPC) ang naturang pagsasanay. Kasama rito sina: Elmas Bagonoc, bakery supervisor; Jan Rey Pepito, master baker Edmund Calvo Jr., tagapamahala ng BMPC Food and Nutrition Section at si Renelyn Mascariñas, Agricultural Product Inspector II.

"Nagpapasalamat ako na naging bahagi ng pagsasanay na ito. Dahil dito ay nadagdagan pa ang aking kaalaman at mapaghuhusayan ko pa ang pagluluto sa hurno. Masaya rin ako na makatutulong ako sa layuning mapataas ang nutrisyon ng mga batang Pilipino at ng ating mga mamimili," ani Pepito.





# Whey mula sa keso, ginawang bagong inumin ng DA-PCC

Ni **Chamanei Elias**

***DA-PCC sa NHGP*** *— Nakagawa ng bagong produkto gamit ang whey ang DA-Philippine Carabao Center (DA-PCC) sa pangunguna ng Product Development and Innovation Section (PDIS).*

Isinumite ng ahensya ang "Fruit-flavored Isotonic Drink from Whey" sa Intellectual Property Office of the Philippines noong Pebrero 2020 na naaprubahan ngayong Pebrero 2021.

Ang produkto ay gumagamit ng whey at prutas gaya ng mangga, dalandan at lemon bilang pampalasa sa paggawa ng inumin. Ang whey ay ang tirang likido pagkatapos gumawa ng keso. Ito ay kadalasang itinatapon lamang at nagiging pollutants dahil sa high organic matter content nito na nakasisira ng kapaligiran.

"Kapag gumagawa tayo ng keso, ang kinukuha lang natin ay ang curd kaya't madalas na masayang ang whey. Nais nating bigyan ng halaga ang whey dahil masustansya pa rin naman ito. Sa katunayan, ang mga produktong pagkain at inumin na gawa sa whey ay kilala na sa merkado lalo na ng mga konsyumer na maingat sa kalusugan," pagbabahagi ni Mina Abella, Supervising Science Research Specialist ng PDIS.

Dagdag pa niya, ang whey ay isang pinagkukuhanan ng protina at amino acids na nakatutulong sa muscle development. Nakatutulong din ito sa pagpapababa ng presyon, pag-iwas o pagpapabagal ng pagkapinsala ng mga cells dulot ng stress at pagbabawas ng timbang.

Sa 10 litro ng sariwang gatas na ginagamit sa paggawa ng keso, 8 hanggang 10 litro ng whey ang nailalabas. Sa fruit-flavored isotonic drink, ginagamit ito upang mabawasan ang nilalaman ng lactose gamit ang lactase enzyme. Ang isotonic drink na ito ay maganda para sa mga lactose intolerant at nakatutulong mapunan ang mga nutrisyong nawala sanhi ng pisikal na aktibidad.

Ang DA-PCC sa Central Luzon State University (CLSU) ay gumagawa rin ng mga produktong whey tulad ng whey vinegar, whey wine, whey taho, at ricotta cheese.

*Ang whey wine ay isang uri ng bagong inumin na dinebelop ng DA-PCC. Prinoseso ito mula sa whey, likidong natitira pagkatapos gumawa ng keso, at prutas gaya ng mangga, dalandan at lemon bilang pampalasa.*




## Pag-usbong ng proyektong... *Mula sa p.1*

na mapagkakakitaan sa mga magsasaka at mapaunlad ang industriya ng paggagatasan.

Ang entrustment activity ay isinagawa matapos sumailalim sa mga pagsasanay gaya ng social preparation at basic buffalo management ang mga miyembro ng kooperatiba.

Sa isang pre-recorded video message, sinabi ni Sen. Villar ang kahalagahan ng pagkakaroon ng iba pang mapagkakakitaan ng mga magsasaka at iminungkahi ang gawain sa paggagatas bilang adisyunal at regular na mapagkakakitaan.

Hinikayat ni DA-PCC OIC Executive Director Dr. Ronnie Domingo ang mga miyembrong kalahok at sinabing mapalad sila dahil mayroon silang maaasahang pamunuan, programa, at properties gaya ng kalabaw at sariling kakayahan na magsisilbi nilang puhunan.

"Kailangang pahalagahan ninyo ang mga biyayang ito at sikapin ninyong mapataas ang produksyon ng gatas sa inyong lugar kasi may siguradong market po para sa gatas dahil sa national feeding program," dagdag niya.

Labis naman ang pasasalamat ni Dupax Del Sur Mayor Ruben Basconcillo kay Sen. Villar, sa DA-PCC, at sa provincial government dahil napili ang kanilang bayan na maging isa sa mga benepisyaryo ng proyekto.

"Mula sa mahigit 1,400 municipalities sa buong bansa, 17 lamang ang napili para sa proyekto at napakaswerte po ng Dupax Del Sur dahil isa po tayo sa napabilang dito. Employment- at economy-wise, sigurado pong makikinabang ang buong bayan dahil sa proyektong ito," aniya.

Ipinangako ni SVPMPC chairperson Noel Amador na hindi nila pababayaan ang proyekto bagkus ay pagyayamanin, palalaguin, at pararamihin nila ang mga kalabaw na ipinagkaloob sa kanila upang magtagumpay din ang kanilang kooperatiba sa gawaing ito. Plano rin ng kanilang kooperatiba sa hinaharap na magkaroon ng agri-tourism site.

Hinimok naman ng opisina ni Sen. Villar ang SVMPC na kalauna'y magtatag ng learning site na aprubado ng Agricultural Training Institute at farm school na accredited ng Technical Education and Skills Development Authority (TESDA).

Dumalo rin sa turn-over ceremony sina DA-PCC Planning and Information Management Division OIC Dr. Ericson Dela Cruz, na nagbigay ng pangkalahatang ideya ukol sa proyekto, Municipal Agriculturist Elgine Iritan, DA-PCC sa CSU Center Director Dr. Rovina Piñera, at iba pang mga empleyado at miyembro ng SVMPC.

Nakibahagi rin at nagbigay ng kani-kanilang mensahe sina provincial veterinarian Dr. Christopher Seraspi, DA-RFO 2 Dr. Roberto Busania, at Malen Galang bilang kinatawan nina Gov. Carlos Padilla, DA-RFO 2 Regional Executive Director Narciso Edillo, at Sen. Villar.






Larawang kuha ni Rowena Bumanlag | Ang kooperatiba ng mga magsasaka sa Tarlac, habang masayang tinatanggap ang Dairy Box na mula sa DA-PCC sa ilalim ng proyekyong ALAB-Karbawan.

## 2 Dairy Box...

*Mula sa p.1*

Adisyunal na outlets ito mula sa 14 Dairy Box na itinindig ng nasabing ahensya sa iba't ibang probinsya sa bansa. Magsisilbi itong dairy hub kung saan maaaring magbenta ng masusustansyang produktong mula sa gatas ng kalabaw ang mga magsasakang-maggagatas.

Naitindig ang mga outlets na ito sa pangunguna ng DA-PCC at sa pagpapatupad ng proyektong Carabao-based Business Improvement Network (CBIN) o mas kilala sa tawag na Accelerating Livelihood Assets Buildup (ALAB)-Karbawan. Ang proyektong ito ay pinondohan ng opisina ni Senator Cynthia Villar sa Senate Committee on Agriculture, Food, and Agrarian Reform. Layon nito na mabigyan ng karagdagang kita ang mga magsasaka at mas lalo pang mapaunlad ang industriya ng pagkakalabawan sa bansa sa pamamagitan ng pamamahagi ng kalabaw, pagbibigay ng mga kinakailangang mga pagsasanay at suportang teknikal, at pagtitindig ng pasilidad para sa pagpoproseso at pagbebenta ng aning gatas ng mga magsasaka.

Namuno sa pagbubukas ng Dairy Box outlet sa Tarlac ang mga pangunahing opisyales mula sa DA-PCC National Headquarters and Gene Pool (DA-PCCNHGP), DA-PCC sa Central Luzon State University, DA-Regional Field Office III, Provincial Government of Tarlac, at lokal na pamahalaan ng Victoria, Tarlac samantalang ang DA-PCC sa University of Southern Mindanao, DA-Regional Field Office XII, Provincial Government of Cotabato, lokal na pamahalaan ng President Roxas, Cotabato; Mindanao Development Authority (MinDA), at Sta. Catalina Multi-Purpose Cooperative (SCMPC) ang namuno naman sa pagbubukas ng Dairy Box sa Cotabato.

Mula sa halos magkasunod na pagbubukas ng nasabing dairy outlets ay ang pagpapahayag naman ng mensahe, suporta, at inspirasyon ng mga pangunahing opisyales at mga kabalikat sa pagsasagawa ng proyektong ALAB-Karbawan. Narito ang kanilang mga mensahe:



*"Nagpapasalamat kami sa DA-PCC, kay Senator Villar, at Governor Susan Yap na pumili sa bayan ng Victoria para maging benepisyaryo ng proyekto. Dahil dito, mas mapabibilis pa ang pag-unlad ng aming bayan. Maliban sa pagbebenta ng gatas sa Dairy Box, plano rin namin na makadevelop pa ng mga bagong produkto mula sa gatas ng kalabaw tulad ng bread and pastry products, at cheese para mas lalo pa itong mapagkakitaan ng mga magsasaka."*

**HON. CHRISTIAN TELL YAP**
*Mayor, Victoria, Tarlac*



*"Tunay na may 'victory' para sa bayan ng Victoria dahil sa naitindig na Dairy Box. Mula sa 1,500 na munisipyo sa Pilipinas, mapalad ang bayang ito dahil sa isa ito sa 17 munisipyo na napili ni Senator Villar bilang benepisyaryo sa proyektong ALAB-Karbawan. Kung mayroon man akong mensahe sa mga magsasaka ngayon, ito ay ang manatiling matatag sa kabila ng pagsubok sa buhay at ng pandemya. Sikapin natin na mapataas ang ating ani at kita, tayo ay magsama-sama, mangarap, at planuhin natin kung paano magaganap ang plano natin sa ating buhay."*

**DR. RONNIE DOMINGO**
*OIC Executive Director, DA-PCC*



*"Gagawin nating model ang Dairy Box sa buong bansa sapagka't napatunayan na rin na maraming magsasaka ang patuloy na nakikinabang dito at umunlad ang kabuhayan."*

**DR. CARO SALCES**
*Deputy Executive Director for Admin and Finance, DA-PCC*



*"Ang DA-PCC sa CLSU ay laging naririto upang magbigay ng suportang teknikal sa post-production, pagpoproseso, at pagmamarket ng mga produkto sa gatas para sa inyong mga magsasakang maggagatas sa bayan ng Victoria, Tarlac."*

**DR. PEREGRINO DURAN**
*Center Director, DA-PCC sa CLSU*



*"Ang MinDA ay nakasuporta sa proyektong paggagatasan. Maaaring magsagawa ng pag-aaral ang MinDA upang matukoy kung anong barangay sa President Roxas ang may mataas na insidente ng malnutrition. Ang resulta ng pag-aaral ay maaaring gawing basehan upang siyang maging lugar kung saan isasagawa ang milk feeding programs ng President Roxas sa hinaharap."*

**SEC. EMMANUEL PIÑOL**
*MinDA Secretary*



*"Bilang lokal chief executive ng President Roxas, Cotabato, nangangako kami na susuporta sa programa sa dairy sa pamamagitan ng pagsisikap na magkaroon ng milk feeding programs sa mga barangay na nasasakupan ng aming bayan. Ito ay upang masolusyunan din ang malnutrition sa aming lugar."*

**HON. JONATHAN MAHIMPIT**
*Mayor, President Roxas, Cotabato*



*"Napakaswerte ng SCMPC dahil napili itong paglagyan ng dairy hub sa Cotabato. Swerte rin ito dahil wala itong magiging problema sa market ng gatas bunsod ng pagpapatupad ng Republic Act 11037 o National Milk Feeding Program at sa mataas na lokal na demand sa gatas. Bilang suporta ng DA-RFO, ang regional development council kasama ang Task Force Gatas na binuo namin sa Cotabato ay magpapasa ng resolusyon kung saan aming hihikayatin ang mga lokal na pamahalaan na maghain ng gatas bilang inumin sa mga pagtitipon, kumperensya at iba pa kaysa sa soda na nakasanayan nang ihain sa mga nabanggit na pagtitipon. Ito ay gagawin natin dahil maliban sa pagsuporta sa dairy industry ay naniniwala kami na ang gatas ay masustansya at makatutulong upang mapalakas ang katawan ng bawa't indibidwal lalo na sa panahon ng pandemiya."*

**DIR. ZALDY BOLORON**
*Technical Director for Operations, DA-RFO XII*



*Ang proyektong aming natanggap mula sa DA-PCC ay itinuturing namin na isang lakbayin tungo sa pagbabago. Naniniwala kami na ang proyekto ay hindi lang basta magkaroon ang SCMPC ng adisyunal na kita kundi para makatulong din sa mas marami pang mga magsasaka. Dahil dito, sisikapin namin na mas mapaunlad pa ang proyekto at dumami ang mga makikinabang dito."*

**MA. FE PINEDA**
*General Manager, SCMPC*



*"Masaya ang DA-PCC sa USM dahil sa suportang natatanggap namin mula sa inyong mga kabalikat sa ALAB-Karbawan project. Plano namin na tuluy-tuloy na isagawa ang artificial insemination dito sa President Roxas, Cotabato upang dumami ang buntis na kalabaw at ang produksyon ng gatas. Hiling namin sa lahat ng mga taga-Cotabato na tangkilikin ang lokal na gatas at huwag ang imported upang masuportahan ang ating mga magsasakang maggagatas at ang SCMPC."*

**DIR. BENJAMIN JOHN BASILIO**
*Center Director, DA-PCC sa USM*

Maliban dito, nagpaabot din ng mensahe si Sen. Villar para sa mga benepisyaryo ng proyekto sa pamamagitan ng isang video. Sa kanyang mensahe, pinasalamatan niya ang lahat ng dumalo sa pagtitipon sa Tarlac at Cotabato. Binanggit din ni Sen. Villar na ang DA-PCC at NDA ay buo ang suporta sa adhikain na mapataas ang produksyon ng gatas at maparami ang bilang ng mga dairy animals sa bansa upang mabawasan ang milk imports, makatulong sa mga magsasaka na tumaas ang kita, at mabawasan ang malnutrisyon sa bansa. Ipinahayag din niya na ang pagtatayo ng dairy outlets sa nabanggit na mga probinsya ay simula pa lamang ng proyekto dahil mas lalo pang pararamihin ang ganitong mga pasilidad sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas.

Samantala, ang mga kooperatibang direktang makikinabang sa itinindig na outlets ay ang Mabulod Green Farm Producers Cooperative, Amia Cruz Agriculture Cooperative at Palayamanan Agriculture Cooperative sa Tarlac; at ang SCMPC sa Cotabato.

# Programang DA-PCC-GK, 'Walang Iwanan'

Ni **Jeson Candole**



***DA-PCC sa CMU** — Sinuportahan ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center sa Central Mindanao University (DA-PCC sa CMU) ang feeding program sa ilalim ng proyektong 'Walang Iwanan' ng Gawad Kalinga sa Bukidnon na inilunsad noong Hulyo 1.*

Ang proyekto na may temang, "Hunger ends where caring begins" ay magpapatuloy sa loob ng 40 araw. Mamamahagi ang DA-PCC sa CMU ng 2,900 sachet ng 200ml pasteurized carabao's milk araw-araw. Kasama na rito ang mga bata, buntis at senior citizen sa mga piling barangay sa Bukidnon na sakop ng Gawad Kalinga.

Pinangunahan ito ng Gawad Kalinga Bukidnon Chapter at Bukidnon Tagoloan Mulahaya Ha Kabukalagan Agriculture Cooperative (BUKTAMACO), katuwang ang DA-PCC sa CMU.

"Layunin ng Gawad Kalinga na magtaguyod ng isang bansa kung saan ang mga mamamayan nito ay may pananampalataya at makabayan at may malasakit at pagtutulungan upang puksain ang kahirapan. Nilalayon naming manghikayat ng hindi bababa sa 20,000 na mga barangay sa pamamagitan ng aming platapormang pagkakaisa, na bumago at nagbigay ng pag-asa sa milyun-milyong buhay," ani Luis Oquiñena, Chairman ng Gawad Kalinga.

Pahayag naman ni Center Director Dr. Lowell Paraguas ng DA-PCC sa CMU, malayo ang mararating ng ganitong pagtulong sa kapwa upang mapagtagumpayan ang krisis dulot ng pandemya.

"Walang iwanan", 'yan ang aming pangako sa mga mahihirap. Ito ay isang tipan ng pagkamakabayan na pinalakas ng pananampalataya. Insha'allah (God willing), tatapusin natin ang kahirapan sa ating buhay," ani Executive Director Bercasio Dan ng Gawad Kalinga.

Ayon naman kay Harvey Maraguinot ng Gawad Kalinga-Mindanao, ang malasakit ng DA-PCC ay nagpapalakas sa kanilang moral upang ipagpatuloy ang pagtulong sa mga taong walang hanapbuhay sa kabila ng peligro na dulot ng pandemya.

> *"Pinupuri at pinahahalagahan namin ang pagsisikap ng DA-PCC. Ramdam namin na nakikita ninyo ang aming pagsisikap at ito ang nagiging inspirasyon namin upang ipagpatuloy ang aming adbokasiya na makamit ang zero hunger sa ating bansa".*
>
> *Harvey Maraguinot*
> *Namumuno sa GK Mindanao*



# Caravan para sa pinagbuting pagkakalabawan

Ni **Jeremie Marinella Ledesma**



***DA-PCC sa UPLB**—Patuloy ang pagbibigay ng libreng serbisyo ng programang "Carabao Health Caravan" sa iba't ibang lugar sa rehiyon ng CALABARZON at MIMAROPA.*

Ayon kay Dr. Jessica Gay Ortiz, Farm Superintendent II ng DA-PCC sa UPLB, layunin ng programa na makapagbigay ng libreng veterinary services sa mga kalabaw mapa-guya man, -gatasan o pang-Artificial Insemination (AI). Dagdag niya, ang programa ay para sa lahat ng kalabaw kahit anong lahi.

Kasama sa mga serbisyo sa kalabaw ang libreng pagpupurga (deworming), pagbibigay ng bitamina, at pagbabakuna, pregnancy diagnosis, pagsasagawa ng sabayang paglalandi (estrus synchronization), at pagsusumpit (artificial insemination).

Ayon sa datos ng AI Technician na si Renier Brucal, nasa 358 na mga kalabaw at 72 na magsasaka ang naabot ng serbisyo sa CALABARZON at MIMAROPA nitong Hulyo. Sa kabuuang programa ng "Carabao Health Caravan", nasa 2,364 na kalabaw at 607 na magsasaka ang nabigyan na ng libreng serbisyo.

Ang programa ay naisakatuparan sa tulong ng Provincial Veterinary Office at ng mga lokal na pamahalaan (LGUs). Ang DA-PCC sa UPLB ang nakikipag-ugnayan sa mga LGUs para maipatupad ang programa sa kani-kanilang mga lugar. Ang LGU ang nag-aayos at nagpapasya ng iskedyul kung kailan at saang mga barangay isasagawa ang mga serbisyo habang ang Provincial Veterinary Office naman ang nagbibigay ng mga kailangan tulad ng bitamina, pamurga, bakuna at iba pang materyales.

Isinasagawa ang nasabing aktibidad sa mga lalawigan ng Laguna, Batangas, Mindoro, at Quezon. Nito lamang Hulyo 6-9 ay naisagawa ang nasabing caravan sa General Trias, Quezon.

"Hindi lamang ito libreng konsultasyon para sa ikabubuti ng kalusugan ng mga alagang kalabaw at pagbibigay ng serbisyo sa iba't ibang magsasaka kundi pagtataguyod ng mga kooperatiba o asosasyon at ng kabuuang industriya ng paggagatas at pagkakalabawan," ani Dr. Ortiz.

Kasama ni Dr. Ortiz sa nasabing caravan ang mga technical experts na sina Reynor Garcia, Renier Brucal, Pinky Bril at Ariel Chavez.

# Malawakang pagsasanay sa pagkakalabawan

Ni **Ailene Bulusan**

***DA-PCC sa CSU**—Nagsagawa kamakailan ng malawakang on-site na pagsasanay sa Buffalo Production Management (BPM) ang DA-Philippine Carabao Center sa Cagayan State University (PCC sa CSU) sa Rehiyon II.*

Dahil sa paghihigpit dulot ng pandemya, ang mga tagapagsanay na mismo ang pumunta sa lugar ng mga magsasaka na binubuo ng dalawang grupo.

Ang pagsasanay sa BPM ay isa sa mga istratehiya ng DA-PCC upang lubos na maunawaan ng mga magsasakang kalahok ang tungkol sa Carabao Development Program (CDP) at kung saan patungo ang industriya ng kalabawan, pati na ang mga benepisyong maaaring makuha mula sa pag-aalaga ng mga kalabaw. Ito ang isa sa pangunahing requirement sa isang magsasaka bago maging ganap na recipient ng paiwing kalabaw sa ilalim ng Bull Entrustment Program.

Nauna nang isinagawa ang pagsasanay nitong Hulyo 8 hanggang 9 sa Pua Agri-Tourism and Skills Development Center, Inc. (PATASDCI) sa Brgy. Santa, Tumauini, Isabela. Dinaluhan ito ng siyam na tauhan ng PATASDCI at dalawang magsasakang interesado sa pagkakalabawan mula sa bayan ng Reina Mercedes, Isabela. Sa kasalukuyan, ang naturang center ay nabiyayaan ng dalawang lalaking kalabaw sa ilalim ng fattening program ng DA-PCC.

Sumunod naman ang mga miyembro ng St. Vincent Parish Multi-Purpose Cooperative (SVPMPC), ang conduit cooperative na nabiyayaan ng PHP9.7 milyong pondo sa ilalim ng proyektong Accelerating Livelihood and Assets Build Up (ALAB)-Karbawan ng Carabao-based Business Improvement Network (CBIN ) na pinondohan ng opisina ni Sen. Cynthia Villar.

Bahagi ng programang ALAB-Karbawan ang pagbili ng 50 crossbred na kalabaw na ipamamahagi sa mga piling miyembro ng SVPMC. Labing-pito ang mabibiyayaan ng dalawa hanggang sa tatlong crossbreds na kalabaw. Ang mga napiling miyembrong magsasaka ay sumailalim sa dalawang-araw na pagsasanay sa BPM noong Hulyo 28 hanggang 29 na ginanap sa SVPMPC Conference Hall sa Dupax del Sur, Nueva Vizcaya.

Kabilang sa mga paksang tinalakay sa BPM ang CDP, Carabao Production and Management, Animal Nutrition, Herd Health Program, Record Keeping (Pagtatala), Forage Production and Management, Pag-iwas at Pagsugpo sa mga Sakit ng Kalabaw, at Carabo-Based Enterprise.

Nagkaroon din ng hands-on training sa paggawa ng Urea-Treated Rice Straw (UTRS), Pagbuburo ng Damo o Silage Making, at paggawa ng Urea-Molasses Mineral Block (UMMB) na may halong powdered multi-vitamins.

Ang mga nabanggit na teknolohiya sa pagpapataas ng kalidad ng pakain sa mga kalabaw ay makatutulong ng lubos sa pagpapabuti ng magandang nutrisyon at sa pag-iimbak ng pakain.



# Climate change adaptation at mitigation, tinalakay sa mga magkakalabaw

Ni **Chamanei Elias**

***DA-PCCNHQGP**—Mas pinalawak at pinagbuting kaalaman tungkol sa nagbabagu-bagong klima at panahon ang dulot ng isang pagsasanay na nilahukan ng mga magkakalabaw nitong Hulyo 23 sa pangunguna ng Socio-Economics and Policy Section (SEPS) ng DA-Philippine Carabao Center (DA-PCC).*

Layunin ng aktibidad na mapahusay ang adaptation at mitigation strategies ng mga kooperatiba ng magkakalabaw sa mga epektong dulot ng climate change sa kanilang kabuhayan. Tinalakay dito ang kontribusyon ng livestock industry sa greenhouse gases at kung paano mababawasan ang nakapipinsalang epekto nito sa kapaligiran. Ayon sa mga pag-aaral, nasa 9.7% ang ambag ng pagkakalabaw sa greenhouse gas emissions sa buong mundo.

"Masyadong nakakaapekto ang climate change sa kabuhayan ng mga tao. May mga 'di inaasahang pagbaha at kalamidad. Nagdudulot din ito ng sakit sa mga palay at mais. Nakakaapekto sa mga pagkain ng hayop, 'yong mga damo parang 'di na gaanong tumutubo. Dahilan din ang climate change sa pagkakasakit ng mga alaga naming hayop," hinaing ni Gerardo Delos Santos, chairman ng Nueva Ecija Federation of Dairy Carabao Cooperatives (NEFEDCCO).

Paliwanag naman ni Estella Valiente, officer-in-charge ng SEPS, habang umiinit ang temperature nakakaapekto rin ito sa mga kalabaw lalo na sa pagbibigay nito ng sariwang gatas. Mas iikli rin ang shelf life ng mga naprosesong gatas.

"Tumataas din ang gastusin nila sa tubig. Ngayong medyo malamig-lamig, once or twice ang paligo nila sa kalabaw. Pero 'pag tag-init, 3 to 5 times ang pagpapaligo," dagdag ni Valiente.

Hinikayat ni Valiente ang mga magkakalabaw na gumamit ng mga alternatibong materyales para maginhawaan ang mga kalabaw katulad ng sprinkler, mist, at electric fan.

Pinaalalahanan din niya ang mga kalahok na gawing pataba ang mga dumi ng kalabaw sa pamamagitan ng vermicomposting. Hinimok niya ang mga ito na magtanim ng mga puno bilang isang paraan upang maibsan ang epekto ng mainit na panahon at makabawas ng carbon dioxide sa kapaligiran.

Mahigit 50 miyembro ng mga kooperatiba ang aktibong lumahok at nagbigay ng kani-kanilang mga pamamaraan sa pagpapalamig sa kanilang mga kalabaw at pamamahala sa dumi ng kanilang mga alaga.

# Mga ahensya...


*Mula sa p.1*

sa pagsusuri ng mga produkto para malaman ang nutrient content na ilalagay sa nutrition facts nito.

Ang Department of Trade and Industry (DTI), sa pangunguna ni Director Brigida Pili, ay nagbigay ng mga materyales na kakailanganin sa pagpoproseso ng dairy products at tutulong sa pagsasapamilihan ng mga mapoprosesong produkto ng kooperatiba.

Naglaan si Mayor Allan Xystus Gamilla ng PHP500,000 para sa pagpapatayo ng bagong Dairy Processing Facility ng kooperatiba.

Ayon kay BDC Chairman Mario Dela Cruz, lubos ang kaniyang pasasalamat sa maraming taon na pagtulong ng DA-PCC sa aspetong teknikal sa pag-aalaga at pagpaparami ng kalabaw hindi lamang sa kooperatiba bagkus ay maging sa buong bayan ng Bongabon.



*Abangan sa susunod na isyu:*

**24/7 Dairy Products vending machine, bubuksan na**

**Mga oportunidad sa gitna ng pandemya tinalakay sa 7th Nat'l Carabao Conference**




*Si Mary Rose Uy, head ng PSNS (may hawak ng Blockmate sa kaliwa), habang ipinaliliwanag kay Agricultural Attaché of the US Embassy Ryan Bedford (naka-stripe na polo shirt) at sa mga kasama nito ang kahalagahan ng Blockmate na isa sa mga technolohiya ng DA-PCC.*

*Larawang kuha ni Ma. Cecilia Irang*

# Pagbisita ng USDA sa DA-PCC para sa pagpapaigting ng livestock biotechnology

Ni **Chamanei Elias**

***DA-PCC NHQGP***—*Bumisita ang United States Department of Agriculture (USDA)-Manila sa DA-Philippine Carabao Center National Headquarters and Gene Pool (PCC NHQGP) kaugnay ng proyektong US PL 480: Strengthening the Livestock Biotechnology Center nitong Agosto 5.*

Ang proyekto ay nakatuon sa "Intensified Community-Based Dairy Enterprise Development" na parehong ipinapatupad ng National Dairy Administration (NDA) at DA-PCC kasama ang Philippine Council for Agriculture and Fisheries (PCAF) bilang fund manager.

Layunin ng proyektong makapagpalabas ng 27.70 milyong litro ng sariwang gatas, madagdagan ang bilang ng kalabaw ng 922 sa pamamagitan ng importation at local procurement of purebred or crossbred buffaloes, at madagdagan ang dairy cattle inventory ng 7,323 head at dairy goat inventory ng 9,611 head sa pamamagitan ng importation and expanded animal breeding programs.

Nais din ng proyektong pataasin ng 20 porsyento ang average family income ng mga maggagatas taun-taon sa pamamagitan ng pagpapa-unlad ng carabao-based enterprise.

Sa kasalukuyan, mayroong Php513 milyon badyet na nakalaan para sa DA-PCC. Ito ay itutuon sa pagpapataas ng produksyon ng gatas at dairy buffalo herd sa pamamagitan ng mga sumusunod na project components: dairy buffalo procurement and distribution, expanded artificial insemination, feed production and development, dairy buffalo enterprise development, capacity building, at project management, monitoring and evaluation.

Una nilang nilibot ang National Water Buffalo Gene Pool kung saan ipinaliwanag ni Dr. Cyril Baltazar, Farm Superintendent II, ang paraan ng pamamahala at pagpapadami ng mga kalabaw ng ahensya.

Inilibot din sila ni Ms. Lillian Villamor, Senior Science Research Specialist sa Cryobank laboratory, ang kauna-unahang pasilidad ng cryobank sa bansa na nagsisilbing biological vault ng iba't ibang animal genetic resources mula sa kalabaw, baka, kambing, at baboy na magagamit sa mga susunod na pananaliksik at pagpaparami. Ipinakita rin sa kanila ang mga buffalo and livestock biotechnologies at carabao-based enterprise na itinataguyod ng ahensya.

Ayon kay Florence Sevilla, Agricultural Specialist of the USDA Foreign Agricultural Service, nais nilang magkaroon ng mas malalim na pag-unawa at pananaw tungkol sa katayuan ng industriya ng pagawaan ng gatas sa bansa. Kasama ni Sevilla sina Ryan Bedford, Agricultural Attaché of the US Embassy at Lary Nel Abao, isa ring agricultural specialist.

*Patnugutan*

**Patnugot** ERIC P. PALACPAC, ROWENA GALANG-BUMANLAG
**Tagapamahalang Patnugot** CHAMANEI C. ELIAS, MA. CECILIA C. IRANG
**Panrehiyong Tagapamahala** EMY GORITTE E. GORRA, RODOLFO JR. T. VALDEZ, MARIJOAN A. NEFULDA
**Layout at Ilustrasyon** CHRISSALYN L. MARCELO
**Manunulat** DORIE D. BASTATAS, AILEEN L. BULUSAN, JESON C. CANDOLE, CHAMANEI C. ELIAS, MA. CECILIA C. IRANG, JEREMIE MARINELLA S. LEDESMA, CHRISSALYN L. MARCELO, PAULYN GRACE L. SATURNO
**Tagapamahala sa Sirkulasyon** MA. CECILIA C. IRANG, CHRISSALYN L. MARCELO
**Tagapayo** RONNIE D. DOMINGO

*CaraBalitaan*

Department of Agriculture
PHILIPPINE CARABAO CENTER
CERTIFIED ISO 9001 | ISO 14001 | ISO 45001

*Ang **CaraBalitaan** ay isang pahayagan ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center (DA-PCC) na inilalathala isang beses kada dalawang buwan para sa mga kliyente nitong magsasakang maggagatas mula sa National at Regional Impact Zones. Naglalaman ito ng mga balita, istorya ng tagumpay, natatanging mga gawain at modernong teknolohiya na may kinalaman sa pag-aalaga at paggagatas ng kalabaw.*